Brody Lange World Soccer
10/26/26

Tapos na ang paghihintay. Noong Lunes ng gabi sa London, hinirang si Harry Kane ng Bayern Munich bilang nagwagi ng 2026 Ballon d'Or, kung saan iniabot sa kanya ang tropeo ng Brazilian legend na si Ronaldo. Sa unang pagkakataon sa loob ng 25 taon, isang Ingles ang opisyal na kinilala bilang pinakamahusay na manlalaro sa mundo. Tinalo ni Kane sina Kylian Mbappé at Lamine Yamal—na nagtapos sa ikalawa at ikatlong puwesto—matapos ang isang kahanga-hangang season: 73 goals at 8 assists sa 65 laro, isang titulong Bundesliga, kabuuang tatlong tropeo, at pag-abot sa semifinals ng Champions League at World Cup. Ipinamalas niya ang lahat ng aspeto ng kanyang laro ngayong taon, at wala ring senyales na humihina ang kanyang husay. Bilang isang Aleman at tagahanga ng Bayern, labis ang aking kagalakan. Hindi naging madali ang pagpili para sa mga botante. Hindi tulad ng mga nakaraang taon, walang malinaw na paborito, at sinuman sa tatlong nangunguna ay maaaring manalo. Umabot pa ang kalituhan sa opisyal na website, na naglathala ng mga artikulong nagsasabing ang tatlo ay pawang mga nagwagi, ilang oras bago ang seremonya. Malakas ang laban ni Mbappé matapos basagin ang all-time scoring record sa World Cup, habang si Yamal naman ay nagwagi sa buong torneo kasama ang Spain. Sa huli, pinili ng mga botante ang pinakamahusay na pagganap sa kabuuan ng taon kaysa sa isang buwan lamang, kaya naiuwi ni Kane ang parangal. Gayunpaman, hindi umuwing luhaan ang Spain. Nasungkit ni Yamal ang titulong Young Player of the Year, si Unai Simón ang kinilalang pinakamahusay na goalkeeper, at si Luis de la Fuente naman ang hinirang na Coach of the Year. Sa kabila nito, kay Kane ang gabi. Ang pagkapanalo ng Ballon d'Or sa edad na 33—ang paghawak sa wakas sa tropeong tila dati'y abot-kamay ngunit hindi maabot-abot—ay patunay ng kanyang pagsisikap. Siya rin ang unang manlalaro ng Bayern na nagwagi nito mula noong panahon ni Karl-Heinz Rummenigge noong 1981, na nagwakas sa 45 taong paghihintay ng club. Bilang tagahanga ng Bayern at ng football, ang masasabi ko lang ay: mahusay ang iyong ginawa, Harry. Ngayon, pangunahan mo kami patungo sa isa pang titulong Bundesliga, at—bakit hindi—pati na rin sa Champions League.

